| | |
|---|---|
| JANUARY | Makugihon |
| FEBRUARY | Mahigugmaon |
| MARCH | Matinabangon |
| APRIL | Matinahuron |
| MAY | Mahapsay og Malimpyo |
| JUNE | Maabtik og Musunod sa Eksaktong Oras |
| JULY | Maantigo og Maabilidad |
| AUGUST | Maginhunahunaon para sa Uban |
| SEPTEMBER | Madaginoton |
| OCTOBER | Matinud-anon |
| NOVEMBER | Masaligan |
| DECEMBER | Maalampuon |


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


Zest for Progress
Zeal of Partnership

7

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan- Modyul 3:

## Mga Sinaunang Kabihasnan sa Asya



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: Dapitan City National High School



# Alamin

Napaghahambing ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya (Sumer, Indus, Tsina) **AP7KSA-IIb-1.3**

- Natutukoy ang mga ambag ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya ( Sumer, Indus, at Shang)
- Napahahalagahan ang mga naging ambag o kuntribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya (Sumer, Indus, Shang)



# Balikan

**Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na tanong na may kaugnayan sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya.Isulat ang titik na tumutugon sa tamang sagot sa iyong sagutang kwaderno.**

1. Alin sa mga sumusunod na impormasyon ang nagpapatunay na ang Sumer ang itinuring na pinakamatanda at pinakaunang kabihasnan sa daigdig?
   A. Dahil kinilala ang Sumer na unang sibilisadong lipunan ng tao na ang ibabaw bunga ng marami nitong kontribusyon sa daigdig.
   B. Dahil nakapagtatag ito ng mga pamayanan at imperyo
   C. Dahil sa nagkaroon ito ng matatag na sistemeng political
   D. Dahil sila ang nangibabaw na pamayanang nabuo sa lupain ng Fertile Crescent
2. Ano ang tawag sa templong dambana na itinatag ng mga Sumerian na kinilala nila bilang dambana ng kanilang diyos o diyosa?
   A. Great Wall of China
   B. Taj Mahal
   C. Ziggurat
   D. Hanging Garden
3. Bakit kinilala ng mga arkeolohiya ang kabihasnang Indus na isang organisado at planadong lipunan?
   A. Dahil maayos at mabilis na natagpuan ang mga labi ng kabihasna
   B. Dahil sa natuklasang dalawang lungsod na pare-pareho ang sukat na bloke ng kabahayan na may sentralisadong sistema ng kanal sa ilalim ng lupa
   C. Dahil hindi nagkaroon ng anumang bakas ng pag-aaway sa lugar na ito
   D. Dahil naging maayos ang mga labi ng mga taong nahukay sa lugar na ito
4. Bakit naiiba ang tungkulin ng hari sa kabihasnang Shang sa tungkulin ng hari sa kabihasnang Indus at Sumer?
   A. Dahil ang hari ng Shang ang gumagawa ng sakripisyo para sa kasaganaan ng lahat ng nasasakupan
   B. Dahil ang gawain lamang ng hari ng kabihasnang Indus at Sumer ay nakasentro sa tungkuling panrelihiyon
   C. Dahil ang hari sa Sumer at Indus ay nakatira sa mga templo samantalang ang sa kabihasnang Shang ay malayo sa mga tao

D. Dahil ang hari ng kabihasnang Shang ay may tungkuling politikal hindi lang panrelihiyon.

5. Anong mga pamamaraan o paghahanda ang ginawa ng mga kabihasnang umusbong sa Asya upang hindi sila magapi ng hamon ng kalikasan sa kanilang lugar tulad ng mga baha at kalamidad?

A. Nagtayo sila ng mga dike na haharang sa mga tubig na maaaring sumira sa kanilang lupain kapag panahon ng pag -ulan
B. Nagtanim sila ng malalaking puno sa tabi ng ilog
C. Nagtatago sila at bumabalik sa mga kweba kapag panahon na may ulan
D. Nagtayo sila ng mga dike at nagtanim ng mga malalaking puno at inayos ang mga daluyan ng tubig upang hindi pumasok sa kanilang pamayanan.

6. Alin sa mga pangkat ang bumuo ng kabihasnang Indus?
A. Sumerian
B. Dravidian
C. Aryan
D. Tsino

7. Alin sa sumusunod ang nalinang na sistema ng pagsulat ng kabihasnang Sumer?
A. Pictogram
B. Calligraphy
C. Cuneiform
D. Oracle Bones

8. Ano ang unang pamayanan na umusbong sa kabihasnang Sumer?
A. Harappa
B. Mhergah
C. Mohenjo Daro
D. Ur

9. Ang kabihasnang Sumer, Indus, at Shang ay pinamunuan ng _______.
A. Reyna
B. Haring Pari
C. Maharlika
D. Iskriba

10. Kailan umusbong ang kabihasnang Sumer?
A. 3500-3000 BCE
B. 2500-2000 BCE
C. 3000-1500 BCE
D. 3000-350 BCE

| Aralin 1 | Sinaunang Kabihasnan sa Asya |
|---|---|






# Tuklasin

**GAWAIN 1: HULA-RAWAN**

Panuto: Kilalanin ang mga sumusunod na larawan kung saang kabihasnan ito napabilang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang kuwaderno sa Araling Panlipunan 7.

- Kabihasnang Sumer
- Kabihasnang Indus
- Kabihasnang Shang

| Ambag/Kontribusyon | Kabihasnan |
| --- | --- |
| 1.  | |
| 2.  | |
| 3.  | |
| 4.  | |

| | |
|---|---|
| 5.  | |
| 6.  | |



## Suriin

Kabihasnan Ano Ka?

- **Kabihasnang Sumer**

Ang Mesopotamia ang kinilalang bilang cradle of civilization dahil dito umusbong ang unang sibilisadong lipunan ng tao. Matatagpuan ang Mesopotamia sa Gitnang Silangan na tinatawag na Fertile Crescent (Iraq ngayon), isang arko ng matabang lupa na naging tagpuan ng iba't ibang grupo ng tao mula sa Persian Gulf hanggang sa dalampasigan ng Mediterranean Sea. Sa lugar na ito matatagpuan ang ilog Tigris at Euprates kung saan umusbong ang kabihasnan. Noong panahon ng Neolitiko naitatag ang ilang pamayanan sa labas ng rehiyon ng Mesopotamia tulad ng Jericho sa Israel at Catal Huyuk at Hacilar sa Anatolia( Turkey ngayon, 6000 B.C.E) na pawang mga pamayanang agricultural.Nagkaroon ng malawakang pagtatanim ng trigo at barley sa mga lugar na ito at pinaniniwalaan din na natuto silang mangaso at mag-alaga ng mga hayop. Subalit hindi rin nagtagal ang mga natrurang mga pamayanan dahil sa salat ang kapaligiran upang mapunan ang

pangangailangan ng mga pamayanan na ito. Tanging ang kasagutan sa mga suliranin na ito ng pamayanan ay ang matabang lupa ng Tigris at Euprates kung saan umusbong ang kabihasnang Sumer ( 3500-3000 B.C.E) na itinuturing na pinakamatanda at pinakaunang kabihasnan sa daigdig.

Dito nagsimula ang pag-usbong ng iba't ibang lungsod tulad ng Ur, Uruk, Eridu, Lagash, Nippur, at Kish. Dahil sa kanilang pinagsanib na kakayahan at paniniwala sa mga diyos ay naitatag ang templo na tanatawag na Ziggurat ang pinakamalaking gusali sa Sumer. Pinamunuan ng mga haring-pari ang mga lungsod dito na hindi lider ispiritwal at
politikal. Sila ay kumakatawan bilang tagapamagitan ng tao sa diyos kayat
nagiging kontrolado ng mga diyos diyosan ang pamumuhay ng tao. Sa usaping pamumuhay naman ay may kaniya-kaniyang espesyalisasyon ang mga Sumerian na naging hudyat ng pag-uuri ng tao sa lipunan. Paglaon ay natuklasan ang sistema ng pagsulat na tinatawag na cuneiform kung saan naitala ng mga scribe sa clay tablet ang mga mahahalagang pangyayaring nagaganap.

- **Kabihasnang Indus**

Sa Timog Asya makikita ang lambak-ilog ng Indus at Ganges.Umaapaw ito taon-taon dahil sa pagkakatunaw ng yelo sa Himalayas na nag-iiwan ng banlik na nagpapataba sa lupaing agrikultural nito.Bago pa man umunlad ang kabihasnang ito ay may mga pamayanan nang naitatag noong panahon ng Neolitiko.Ito ay ang pamayanang Mhergah(3500 B.C.E.)na nasa kanluran ng Ilog Indus.Masasabing sedentaryo at agrikultural ang pamumuhay ang pamumuhay ng tao dito.May dalawang importanteng lungsod ang umusbong dito,ang Harrapa at Mohenjo-Daro.Planado at organisado ang mga lungsod na ito na ipinakita sa mga lansangang nakadisenyong kuwadrado (grid-patterned)at pare-pareho ang sukat ng bloke ng kabahayan.Patunay ito na magaling sa matematika ang mga nanirahan dito.Pinalagay na ang mga Dravidian ang bumuo sa kabihasnang Indus.Ang mga ito ay sumasamba sa mga hayop at puno.

Pinamumunuan ang kabihasnang ito ng haring-pari.Dahil sa salat sa mga punongkahoy at metal,pagsasaka ang ikinabubuhay ng mga tao ditto.Natuto rin silang makipagkalakalan sa mga karatig lungsod.Pinaniniwalaan na ang mga mangangalakal na ito ang unang gumamit ng sistema ng pagsulat ng kabihasnabg Indus na tinatawag na Pictogram.

Naging mahiwaga ang paglaho ng kabihasnang Indus noong 1750 B.C.E.Ayon sa mga iskolar may dalawang kadahilanan kung bakit naglaho ang kabihasnang ito.Una,nagkaroon ng mga

| |
|---|
| kalamidad na naganap.Pangalawa,nagkaroon ng pagsakop sa lugar na pinaniwalaang mga Aryan, kaya sa paglipas ng panahon ang kabihasnang Indus ay unti-unting nawaglit sa ala-ala at nawala sa kasaysayan. |
| • **Kabihasnang Shang**<br><br>Ang kabihasnang Shang ay nagsimula malapit sa ilog Huang Ho na tinatawag ding Yellow River dahil sa tuwing pagkatapos ng pagbaha ay nag-iiwan ng loess o dilaw na lupa na nagsisilbing pataba sa lupaing agrikultural na malapit dito.Ang taunang pagbaha sa ilog na ito na kumikitil ng maraming buhay ay pinaghandaan ng mga tao sa pamamagitan ng paglalagay ng mga dike.May mga pamayanang umusbong dito bago pa ang Shang.Ito ang pamayanang Yangshao(3000-1500 B.C.E.) at Lungshan(2500-2000 B.C.E.).Pagtatanim ang pangunahing gawain sa panahong ito.Isa sa mga Gawain ng Yangshao ay paggawa ng mga tapayan na mas nahigitan at napaunlad naman ng Lungshan sa pamamagitan ng pagtuklas ng potter's wheel.Masasabing ang Lungshan ang transisyon patungo sa panahon ng kabihasnang Shang.<br>Ang Shang ay pinamumunuan ng mga haring pari na naging organisado sa pag-aayos ng kanilang lungsod na napapalibutan ng mga matataas na pader na naging paghahanda sa mga madalas na digmaan sa kanilang lupain.Natuklasan ang sistema ng pagsulat na tinatawag na calligraphy na nagsisilbing tagapag-isa ng mga Tsino.Naniniwala ang mga Tsino na nakakausap nila ang mga diyos ng kalikasan at mga ninuno gamit ang mga butong orakulo at ginagamit rin ito sa panghuhula.Ipinalagay ng mga Tsino na ang kanilang kabihasnan ang pinakamatandang nabubuhay sa daigdig.Ang pananaw nilang ito ay nagpatuloy tungo sa pagtatatag ng mga imperyo. |



# Pagyamanin

**Panuto:** Punan mo ng sagot ang talahanayan ng mga naging mahalagang ambag o kuntribusyon ng mga kabihasnan.

| Mga Kabihasnan | Mahahalagang Ambag/Kontribusyon |
|---|---|
| Sumer | |

| | |
|---|---|
| Indus | |
| Shang | |



## Gawain

**Panuto:** Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang kuwaderno sa Araling Panlipunan 7.

1. Alin sa mga sinaunang kabihasnan ang may pinakamahalagang kuntribusyon sa sangkatauhan? Ipaliwanag ang iyong sagot.
2. Paano mo pahahalagahan ang mga naging kuntribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya?



## Isaisip

**Panuto:** Sagutin ang tanong. Isulat ito sa iyong sagutang kuwaderno sa Araling Panlipunan.

1. Sa kabuuan, Ano ang mahalagang papel na ginampanan ng mga naging kuntribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa pamumuhay ng mga Asyano?



## Tayahin

**Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na tanong na may kaugnayan sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya.Isulat ang titik na tumutugon sa tamang sagot sa iyong sagutang kwaderno.**

1. Ano ang pinakamahalagang kontribusyon ng Sumerian sa kabihasnang pandaigdig?
   A. Sistema ng pagsulat na tinawag na cuneiform
   B. Ang pagkatuklas ng pottery wheel
   C. Mga seda at porcelana
   D. Pagkakatuklas ng paggamit ng decimal system

2. Bakit naging mahalaga ang calligraphy sa sistema ng pagsulat ng mga Tsino?
   A. Dahil ito ang mahalagang ambag ng kabihasnang Shang

B. Dahil ito ang pinagbatayan ng kanilang pamumuhay
C. Dahil ito ang nagsisilbing tagapag-isa sa mga Tsino sa kabila ng iba iba nilang wika
D. Dahil ito ang nagsisilbing simbolo ng karakter ng mga Tsino

3.Bakit ang cuneiform,pictogram,at calligraphy ang pinakamahalagang ambag ng bawat kabihasnanang sumibol sa Asya?

A. Dahil dito nakasulat ang mga wika na ginamit ng mga tao
B. Dahil ito ay nagpapakita na maulad ang isang lugar
C. Dahil dito nagkakaiisa ang mga tao para lalong mapaunlad ang kanilang lugar
D. Dahil naging pasyalan ito ng iba't ibang tao sa mundo

4. Ikaw ay pangulo ng History Club sa inyong paaralan, naatasan ka na gumawa ng proyekto sa kahalagahan ng kontribusyon ng mga Asyano. Ano ang gagawin mo para makilala at Makita ang lahat ng mga kontribusyong ito?

A. paligsahan sa pagsulat ng sanaysay
B. collage making contest
C. open house exhibit
D. quiz contest

5. Ano ang tawag sa matabang lupa na hugis arko na kung saan dito nagsimula ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya?

A. Dalampasigan
B. Kapatagan
C. Lambak-ilog
D. Kabundukan

6. Pagsunud-sunurin ang mga pangyayaring naganap noong sinaunang kabihasnang Asyano na nasa ibaba.

(I) Nalikha ng mga Sumerian ang cuneiform writing
(II) Lumitaw ang neolitikong pamayanan sa ilog indus
(III) Ang pamayanang yangshao at lungshan sa tsina ay namayagpag
(IV) Ang kabihasnang Indo-Aryan ay nabuo noong 1500 BCE

A. I,II,III,IV
B. I,II,IV,IV
C. I,IV,II,III
D. IV, I,,II,III

7. Alin sa sumusunod ang pamumuhay ng kabihasnang Indus?

A. Pag-aalaga ng hayop at pangangaso
B. Pagtatanim at pangangaso
C. Pag-aalaga ng hayop at pagtatanim
D. Agrikultura at sedentary

8. Ano ang pikamataas na katayuan sa pag-uuri ng tao sa lipunan sa sinaunang kabihasnan sa Asya?
   A. Mangangalakal
   B. Mga Artisano
   C. Mga Haring Pari
   D. Mga Magsasaka

9. Ano ang tawag sa butong orakulo na ginagamit sa paghuhula ng mga Tsino?
   A. Cuneiform
   B. Oracle Bones
   C. Calligrapy
   D. Potter's wheel

10. Ang mga sumusunod ay mga kuntribusyon ng kabihasnang Sumer maliban sa _________.
   A. Pagamit ng Lunar calendar at decimal system
   B. Pagawa ng mga palayok
   C. Pagamit ng perang pilak
   D. Pagamit oracle bones



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang kuwaderno sa Araling Panlipunan 7.

1. Bakit mahalaga ang tatlong sinaunang kabihasnan? Ipaliwanag

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin | Pagyamanin | Tayahin |
|---|---|---|
| | | 1. A<br>2. C<br>3. C<br>4. C<br>5. C<br>6. B<br>7. D<br>8. C<br>9. B<br>10. D |

## *Sanggunian:*


Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba. Rosemarie C. Blando et.al., pp. 112-114.

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.